**Umiiral at binabalak na mga panukala**
**sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi**

## Tanggapan ng Punong Opisyal ng Impormasyon ng Pamahalaan

Ang Tanggapan ng Punong Opisyal ng Impormasyon ng Pamahalaan (OGCIO) ay nakatuon sa paggamit ng inobasyon at teknolohiya sa pagbibigay ng ligtas at maginhawang digital na serbisyong pampamahalaan. Ang OGCIO ay nagbibigay ng malaking kahalagahan sa pagtiyak ng pantay-pantay na paglapit sa mga serbisyo nito sa lahat ng mga miyembro ng publiko, anuman ang kanilang lahi. Kaugnay dito, ang mga sumusunod na mga hakbang ay ipinatupad.

| | |
|---|---|
| Mga Kaugnay na Serbisyo | ● Ang GovHK (www.gov.hk) ay nagbibigay sa mga tagagamit ng magkakaibang sektor ng lipunan ng isang nakatuon-sa-customer at madaling gamiting plataporma para sa impormasyon ng Pamahalaan at mga serbisyong online.<br><br>● Ang mga miyembro ng publiko ay maaaring makakuha ng impormasyon tungkol sa OGCIO sa websayt ng OGCIO o sa email o katanungan sa telepono. |
| Mga Umiiral na Panukala | ● Sa pamamagitan ng GovHK, ang mga taong magkakaibang lahi ay maaaring patnubayan sa mga websayt na pangkagawaran o tematiko ng kawanihan at mga kagawaran (mga B/D) para sa impormasyon at mga serbisyong nakalaan para sa kanila.<br><br>● May nakalaang platapormang nasa iba't ibang wika para sa mga taong magkakaibang lahi ang inilunsad sa GovHK noong Disyembre 2010. Ang mga link sa mahahalagang impormasyon na ipinagkakaloob ng mgakakaibang mga B/D ay nakalagay sa mga (bukod sa Tsino at Ingles). Ang search function ng bawat tinukoy na webpage sa wika ay nagbibigay daan sa mga tagagamit na magkakaibang lahi na madaling mahanap ang impormasyon.<br><br>● Sa kasalukuyan, ang 1823 ay nagbibigay ng serbisyong helpdesk para sa GovHK, at maaaring ipasa ang mga tawag at email mula sa mga taong magkakaibang lahi sa Sentro Para sa Etniko Minorya (CHEER). Ang CHEER ay makikipag-ugnay sa mga tumatawag, at kung |

| | |
|---|---|
| | kinakailangan, isangguni sila sa kaugnay na mga B/D para sa tulong.<br><br>● Ang impormasyon tungkol sa OGCIO ay nakalagay sa parehong Tsino at Ingles sa websayt ng OGCIO.<br><br>● Ang mga serbisyong interpretasyon ay isasaayos kung kinakailangan at naaangkop. |
| Pagtatasa ng Gawain sa Hinaharap | ● Makikipagtulungan kami sa mga B/D upang i-update ang mga hyperlink at impormasyong ibinigay ng platapormang nasa iba't ibang wika at GovHK kapag at kung kinakailangan.<br><br>● Palaging susuriin ng OGCIO ang mga umiiral na panukala at gagawa ng pagpapabuti kung naaangkop |
| Mga Karagdagang Panukalang Ipinatupad/ Ipatutupad | ● Makikipagtulungan kami sa mga B/D sa paglalagay ng karagdagang nilalamang kaugnay sa mga taong magkakaibang lahi sa GovHK.<br><br>● Mag-aayos ng pagsasanay para sa mga kawani upang mapahusay ang kanilang kamalayan sa, at pagiging sensitibo sa, pagkakapantay-pantay ng lahi. |

Para sa mga katanungan sa umiiral at binabalak na panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnay kay G. Boris LEUNG, Senior Executive Officer (Administration)1 sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan -


| | | |
|---|---|---|
| Telepono | : | 3847 7439 |
| Fax | : | 2802 4549 |
| Email | : | enquiry@ogcio.gov.hk |
| Adres sa Koreo | : | 12/F, Treasury Building, No. 3 Tonkin Street West, Cheung Sha Wan, Kowloon |


**Office of the Government Chief Information Officer**
**June 2023**